

Pagdiriwang ng Banal na Misa

sa Karangalan ni

# SAN JOSEMARÍA ESCRIVÁ

Tagapagtatag ng Opus Dei

# PASIMULA

## Pambungad — Jer 3, 15

Pagkakalooban ko kayo ng mga tagapamunong ayon sa aking puso, na siyang mag-aalaga sa inyo nang may kaalaman at karunungan.

P. Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.
T. Amen.

*Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay bilang pagbati sa mga tao, habang ipinahahayag:*

P. Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
T. At sumaiyo rin.

*Susunod na gaganapin ang pagsisisi sa kasalanan. Aanyayahan ng pari ang mga tao:*

Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang.

*Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, lahat ay sabay-sabay na aamin sa nagawang kasalanan.*

Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala

*Ang lahat ay dadagok sa dibdib.*

sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

*Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:*

P. Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,
patawarin tayo sa ating mga kasalanan,
at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

T. Amen.

## Kyrie

P. Panginoon, kaawaan mo kami.
T. Panginoon, kaawaan mo kami.
P. Kristo, kaawaan mo kami.
T. Kristo, kaawaan mo kami.
P. Panginoon, kaawaan mo kami.
T. Panginoon, kaawaan mo kami.

## Papuri

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin,
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,

maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

## Panalanging Pambungad

*Ilalahad niya ang kanyang kamay habang sinasabi:*
Manalangin tayo.

O Diyos, hinirang mong pari ng iyong Simbahan si San Josemaría upang ipamansag ang tawag mo sa aming pakabanalin ang sarili sa pagtupad ng mga tungkulin sa araw-araw at makibahagi sa gawaing apostolado. Ipagkaloob mo na sa pamamagitan niya at ng kanyang halimbawa, kami nawa, sa aming pang araw-araw na gawain, ay lubusang mahubog sa wangis ni Hesus na iyong Anak at buong pag-ibig namin siyang tuwangan sa pagtubos ng sangkatauhan. Hinihiling namin ito alang-alang sa Anak mong si Hesukristong aming Panginoon na nabubuhay at naghaharing kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang-hanggan.

T. Amen.

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa Gen 2, 4b-9. 15

*Inilagay ng Panginoon ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pangalagaan at pagyamanin.*

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

Nang likhain ng Panginoon ang lupa at lahat ng bagay sa langit, wala pang anumang halaman o pananim sa lupa, sapagka't wala pang ulan noon at wala pa ring magsasaka. Nguni't mayroon nang bukal ng tubig na dumidilig sa lupa. Nilikha ng Diyos ang tao mula sa alabok, hiningahan sa ilong, at nagkaroon ng buhay.

Naglagay ang Panginoon ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silangan, at doon dinala ang taong kanyang nilalang. Pinasibol niya roon ang lahat ng uri ng kahoy na nakalulugod sa paningin at masasarap ang bunga. Sa gitna ng halamanan, naroon ang punong nagbibigay-buhay, at ang punong nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Inilagay ng Panginoon ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pangalagaan at pagyamanin.

Ang Salita ng Diyos.
T. Salamat sa Diyos.

**Salmong Tugunan** Awit 2, 6-7. 8-9. 10-11

Tugon: **Anak ng Diyos kailanman sa simula pa sumilang.**

Tungkol sa 'kin ay sinabi ng Poong D'yos: "Sa bundok kong mahal,
sa tuktok ng Sion, aking iniluklok ang haring Marangal."
Ganito ang sabi ng lingkod ng Poon na hari sa Sion:
"Aking ihahayag ang ipinag-utos nitong Panginoon,
'Ikaw ang anak kong pinakamamahal, at magmula ngayon,
Ako namang ito ang giliw mong ama sa habang panahon. T.

Hingin mo sa akin ang lahat ng bansa, at ibibigay ko,
anumang narito sa buong daigdig ay magiging iyo.
Pamamahalaan mo ng kamay na bakal ang lahat ng ito,
tulad ng palayok, durugin mo sila sa mga kamay mo.'" T.

Kayong mga hari at tagapamuno sa lahat ng bansa,
mangag-ingat kayo at magpakabuti sa pamamahala;
ang Panginoong Diyos inyong paglingkura't katakutang lubha. T.

**Ikalawang Pagbasa** Rm 8, 14-17

*Ang Espiritu ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos.*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid, ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot. Ang tinanggap ninyo ay espiritu ng pagiging anak,

at ito ang nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng "Ama! Ama ko!" Ang Espiritu nga ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo. Sapagkat kung tayo'y nakikipagtiis sa kanya, tayo'y dadakilain ding kasama niya.

Ang Salita ng Diyos.
T. Salamat sa Diyos.

## Aleluya — Mc 1, 17

Aleluya! Aleluya!
"Halina't maging alagad upang akitin ang lahat sa loob ng aking lambat."
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Lc 5, 1-11

P. Sumainyo ang Panginoon.
T. At sumaiyo rin.

*Dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat.*

† Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Noong panahong iyon, nakatayo si Hesus sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Pinagkalipumpunan siya ng napakaraming tao na ibig makarinig ng salita ng Diyos. May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nakalunsad na ang mga mangingisda at naghuhugas ng kanilang mga lambat. Lumulan siya sa isa sa mga bangka at hiniling kay Simong may-ari nito, na ilayo nang kaunti sa tabi. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.

Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi niya kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli." Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nagpagod at wala kaming mahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat." Gayun nga ang ginawa nila at sa dami ng kanilang huli ay halos magkansisira ang kanilang mga lambat. Kaya't kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa ibang bangka upang patulong, at lumapit naman ang mga ito. Napuno ang dalawang bangka na halos lumubog. Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya'y nagpatirapa sa paanan ni Hesus at nagsabi, "Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y makasalanan." Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli; gayun din sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasosyo ni Simon. At sinabi ni Hesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mamamalakaya ka ng mga tao." Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

*Homiliya.*

## Sumasampalataya

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang

may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

P. Mga kapatid, sa mataimtim nating pasasalamat sa Santisima Trinidad, sa pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria, Ina ng Diyos at Ina natin, ni San Jose, ang kanyang napakalinis na kabiyak, ng mga banal na anghel, at ni San Josemaría, hilingin natin sa Diyos Amang makapangyarihan, pinagmumulan ng lahat ng mabubuting bagay, kay Hesukristo, kanyang Bugtong na Anak at ating Tagapagligtas, at sa Espiritu Santo, na ibuhos nawa ang grasya na walang tigil sa ating mga puso.

Tugon: Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aming panalangin.

Para sa Simbahang Katolika, tanda at kasangkapan ng pandaigdigang kaligtasan: Nawa'y pangalagaan ito ng Espiritu Santo sa pagkakaisa at palakasin pa ang pananampalataya upang ang kaalaman ng pag-ibig ni Kristo na ating Tagapagligtas ay maipahayag sa buong mundo, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Para sa Santo Papa, ang minamahal na si N., itinatag ng Diyos bilang kahalili ni Pedro, at ministro ng kawan ni Kristo: Upang siya ay laging mapuno ng kaalaman, kasiyahan at lakas ng Espiritu Santo sa kanyang walang patid na paglilingkod sa mga Kristiyano at sa lahat ng tao, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Para sa ating Obispo N. at sa lahat ng mga Obispo at pari ng Simbahan: Upang sa liwanag ng biyayang dulot ng diwa ng karunungan, at sa halimbawa ni San Josemaría, sila ay maging tunay na mga saksi ng Salita ng Katotohanan at Buhay, at palagiang magsumikap ng walang kapagurang paggawa upang mapalaganap ang kaharian ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Para sa Prelado ng *Opus Dei*, N.: Upang siya ay laging tulungan ng Espiritu Santo sa kanyang paglilingkod sa Simbahan at tanggapin ng Panginoon nang may awa ang kanyang mataimtim na mga panalangin, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Para sa lahat ng Katoliko: Upang tayo ay manatili sa kaalaman na tayo ay tinatawag ng Diyos sa kabanalan at ipahayag ang Mabuting Balita ng ating Panginoon sa lahat ng dako ng daigdig sa pamamagitan ng pagpapabanal sa ating mga propesyonal na trabaho at ng mga pangkaraniwang tungkulin ng bawat Kristiyano, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Para sa lahat ng naririto, sa ating pamilya, at sa buong sangkatauhan: Upang pakinggan natin ang tinig ni Hesus, ang Diyos na nagkatawang-tao at Tagapagligtas ng daigdig, at upang bigyang liwanag ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay dito sa mundo, manalangin tayo sa Panginoon. T.

P. Ama naming Makapangyarihan, hinirang mo si San Josemaría upang itatag ang *Opus Dei*, isang daan ng pagpapakabanal sa pagtupad ng mga gawaing propesyonal at ng mga pangkaraniwang tungkulin, ipinaaabot namin sa iyo nang may mapagmahal na pagtitiwala ang aming mga panalangin, at ipagkaloob mo sa amin ang biyayang matupad lagi sa lahat ng lugar ang iyong kalooban sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

T. Amen.

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

.
*Ngayon nama'y tatayo ang pari sa gawing gitna ng dambana, hahawakan niya ang pinggan ng tinapay nang bahagyang nakaangat sa dambana, habang dinadarasal niya ng pabulong:*

Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa lupa at bunga ng aming paggawa ang tinapay na ito
para maging pagkaing nagbibigay-buhay.

*Ilalapag niya ang pinggan ng tinapay sa telang patungan ng Katawan ni Kristo. Kapag hindi ginaganap ang awit ng pag-aalay, ang mga pangungusap na ito ay madarasal nang malakas ng pari at sa katapusan makapagbubunyi ang mga tao:*

T. Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

*Ang diyakono o ang pari ay magbubuhos ng alak at kaunting tubig sa kalis habang dinarasal nang pabulong:*

Sa paghahalong ito ng alak at tubig kami nawa'y makasalo sa pagka-Diyos ni Kristo na nagpagindapat makihati sa aming pagkatao.

*Pagbalik sa gawing gitna ng dambana, hahawakan ng pari ang kalis nang bahagyang nakaangat sa dambana habang dinarasal niya ng pabulong:*

Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa katas ng ubas at bunga ng aming paggawa ang alak na ito
para maging inuming nagbibigay ng iyong Espiritu.

*Ilalapag niya ang kalis sa telang patungan ng Katawan ni Kristo. Kapag hindi ginaganap ang awit ng pag-aalay, ang mga pangungusap na ito ay madarasal nang malakas ng pari at sa katapusan makapagbubunyi ang mga tao:*

T. Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

*Pagkatapos, yuyuko ang pari habang dinarasal niya ng pabulong:*

Diyos Amang Lumikha, nakikiusap kaming mga makasalanan. Tanggapin mo ang aming pagsisisi bilang handog upang kami'y matutong sumunod sa iyo nang buong puso.

*Kung minamabuting gawin, iinsensuhan ng pari ang mga alay at ang dambana; pagkaraa'y iinsensuhan ng diyakono o ng tagapaglingkod ang pari at ang mga nagsisimba.*

*Pagkatapos, ang pari'y pupunta sa gilid ng dambana, maghuhugas siya ng mga kamay samantalang pabulong niyang dinarasal:*

O Diyos kong minamahal, kasalanan ko'y hugasan
at linisin mong lubusan ang nagawa kong pagsuway.

*Pagbalik ng pari sa gawing gitna ng dambana, ilalahad niya ang kanyang kamay sa mga tao at muli niyang pagdaraupin habang kanyang ipinahahayag:*

Manalangin kayo, mga kapatid, upang ang paghahain natin ay kalugdan ng Diyos Amang makapangyarihan.

*Sasagot ang mga tao:*

T. Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

## Panalangin Ukol Sa Mga Alay

Amang Banal, tanggapin mo ang mga handog namin bilang parangal kay San Josemaría. Sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo sa altar ng Krus na sumasaamin sa sakramentong ito, nawa'y pakabanalin mo ang pang araw-araw naming gawain. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

T. Amen.

# PAGBUBUNYI O PREPASYO TUNGKOL SA MGA BANAL NA TAGAPANGASIWA

*Ang banal na Tagapangasiwa ay kapiling ng Sambayanan*

P. Sumainyo ang Panginoon.
T. At sumaiyo rin.
P. Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
T. Itinaas na namin sa Panginoon.
P. Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
T. Marapat na siya ay pasalamatan.

Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ngayong si San Josemaría ay pinararangalan sa pamumuhay niyang totoong uliran at pagiging maaasahan sa panunungkulan kaya't si Hesukristo na maaasahan sa katapatan ay inihahayag sa pangangasiwa sa sambayanan. Ang malasakit ng mga ulirang tagapangasiwa noon ay nagpapatuloy magpahanggang ngayon sa mga panalanging kanilang inuukol kaisa ng sambayanan mong dito'y nagtitipon.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

## IKALAWANG PANALANGIN
## NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

*Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal.*

Ama naming banal,
ikaw ang bukal ng tanang kabanalan.

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at lulukuban ng mga kamay niya ang mga alay habang siya'y nagdarasal.*

Kaya't sa pamamagitan ng iyong Espiritu
gawin mong banal ang kaloob na ito

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at kukrusan niya ang tinapay at kalis, samantalang kanyang dinarasal:*

upang para sa ami'y maging Katawan at Dugo †
ng aming Panginoong Hesukristo.

*Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay. Ang mga salita ng Panginoon sa mga sumusunod na pangungusap ay ipahahayag ng malinaw at nauunawaan ng tanan ayon sa hinihingi ng kahulugan ng mga ito.*

Bago niya pinagtiisang kusangloob na maging handog,

*Hahawakan ng pari ang tinapay nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang kanyang patuloy na inihahayag:*

hinawakan niya ang tinapay, pinasalamatan ka niya, pinaghati-hati niya iyon, iniabot sa kanyang mga alagad at sinabi:

*Bahagyang yuyuko ang pari.*

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT KANIN:
ITO ANG AKING KATAWAN
NA IHAHANDOG PARA SA INYO.**

*Ipamamalas niya ang ostiyang itinalagang maging Katawan ni Kristo, ipapatong niya ito sa pinggan, at luluhod siya bilang pagsamba. Ang pari ay magpapatuloy.*

Gayun din naman, noong matapos ang hapunan,

*Hahawakan ng pari ang kalis nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang kanyang patuloy na inihahayag:*

hinawakan niya ang kalis muli ka niyang pinasalamatan, iniabot niya ang kalis sa kanyang mga alagad at sinabi:

*Bahagyang yuyuko ang pari.*

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT INUMIN:**
**ITO ANG KALIS NG AKING DUGO**
**NG BAGO AT WALANG HANGGANG TIPAN,**
**ANG AKING DUGO NA IBUBUHOS**
**PARA SA INYO AT PARA SA LAHAT**
**SA IKAPAGPAPATAWAD NG MGA KASALANAN.**

**GAWIN NINYO ITO SA PAG-ALALA SA AKIN.**

*Ipamamalas niya ang kalis, ipapatong niya ito sa telang patungan ng Katawan ni Kristo, at luluhod siya bilang pagsamba.*

*Pagkatapos, ipahahayag ng pari:*

Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.

*Ang mga tao ay magbubunyi:*

T. Si Kristo'y namatay!
Si Kristo'y nabuhay!
Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

*Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay samantalang siya ay nagdarasal:*

Ama, ginagawa namin ngayon ang pag-alala sa pagkamatay at muling pagkabuhay ng iyong Anak kaya't iniaalay namin sa iyo ang tinapay na nagbibigay-buhay at ang kalis na nagkakaloob ng kaligtasan.

Kami'y nagpapasalamat dahil kami'y iyong minarapat na tumayo sa harap mo para maglingkod sa iyo.

Isinasamo naming kaming magsasalu-salo sa Katawan at Dugo ni Kristo ay mabuklod sa pagkakaisa sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ama, lingapin mo ang iyong Simbahang laganap sa buong daigdig. Puspusin mo kami sa pag-ibig kaisa ni N., na aming Papa at ni N., na aming Obispo at ng tanang kaparian.

Alalahanin mo rin ang mga kapatid naming nahimlay nang may pag-asang sila'y muling mabubuhay gayun din ang lahat ng mga pumanaw. Kaawaan mo sila at patuluyin sa iyong kaliwanagan. Kaawaan mo at pagindapatin kaming lahat na makasalo sa iyong buhay na walang wakas.

Kaisa ng Mahal na Birheng Maria na Ina ng Diyos, ng kabiyak ng puso niyang si San Jose, kaisa ng mga Apostol at ng lahat ng mga banal na namuhay dito sa daigdig nang kalugod-lugod sa iyo, maipagdiwang nawa namin ang pagpupuri sa ikararangal mo

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay.*
sa pamamagitan ng iyong Anak na aming Panginoong Hesukristo.

*Hahawakan ng pari ang pinggang may ostiya at ang kalis na kapwa niya itataas habang kanyang ipinahahayag:*
Sa pamamagitan ni Kristo, kasama niya, at sa kanya ang lahat ng parangal at papuri ay sa iyo, Diyos Amang makapangyarihan, kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

T. Amen.

# IKATLONG PANALANGIN
# NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

*Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal.*

Ama naming banal, dapat kang purihin ng tanang kinapal sapagka't sa pamamagitan ng iyong Anak na aming Panginoong Hesukristo at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang lahat ay binibigyan mo ng buhay at kabanalan. Walang sawa mong tinitipon ang iyong sambayanan upang mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw maihandog ang malinis na alay para sambahin ang iyong ngalan.

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at lulukuban ng mga kamay niya ang mga alay habang siya'y nagdarasal.*

Ama, isinasamo naming pakabanalin mo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang mga kaloob na ito na aming inilalaan sa iyo.

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at kukrusan niya ang tinapay at kalis, samantalang kanyang dinarasal:*

Ito nawa ay maging Katawan at Dugo † ng iyong Anak at aming Panginoong Hesukristo

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay.*

na nag-utos ipagdiwang ang misteryong ito.

*Ang mga salita ng Panginoon sa mga sumusunod na pangungusap ay ipahahayag ng malinaw at nauunawaan ng tanan ayon sa hinihingi ng kahulugan ng mga ito.*

Noong gabing ipinagkanulo siya,

*Hahawakan ng pari ang tinapay nang bahagyang nakaangat sa ibabaw ng dambana habang patuloy na inihahayag:*

Hinawakan niya ang tinapay, pinasalamatan ka niya, pinaghati-hati niya iyon, iniabot sa kanyang mga alagad at sinabi:

*Bahagyang yuyuko ang pari.*

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT KANIN:**
**ITO ANG AKING KATAWAN**
**NA IHAHANDOG PARA SA INYO.**

*Ipamamalas niya ang ostiyang itinalagang maging Katawan ni Kristo, ipapatong niya ito sa pinggan at luluhod siya bilang pagsamba.*

*Ang pari ay magpapatuloy.*

Gayun din naman, noong matapos ang hapunan,

*Hahawakan ng pari ang kalis nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang kanyang patuloy na inihahayag:*

Hinawakan niya ang kalis muli ka niyang pinasalamatan, iniabot niya ang kalis sa kanyang mga alagad at sinabi:

*Bahagyang yuyuko ang pari.*

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT INUMIN:**
**ITO ANG KALIS NG AKING DUGO**
**NG BAGO AT WALANG HANGGANG TIPAN,**
**ANG AKING DUGO NA IBUBUHOS**
**PARA SA INYO AT PARA SA LAHAT**
**SA IKAPAGPAPATAWAD NG MGA KASALANAN.**

**GAWIN NINYO ITO SA PAG-ALALA SA AKIN.**

*Ipamamalas niya ang kalis, ipapatong niya ito sa telang patungan ng Katawan ni Kristo, at luluhod siya bilang pagsamba.*

*Pagkatapos, ipahahayag ng pari:*

Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.

*Ang mga tao ay magbubunyi:*

T. Si Kristo'y namatay!
Si Kristo'y nabuhay!
Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

*Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay samantalang siya ay nagdarasal:*
Ama, ginugunita namin ang pagkamatay ng iyong Anak na sa ami'y nagligtas, gayun din ang kanyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan samantalang ang kanyang pagbabalik ay pinananabikan, kaya bilang pasasalamat ngayo'y aming iniaalay sa iyo ang buhay at banal na paghahaing ito.

Tunghayan mo ang handog na ito ng iyong Simbahan. Masdan mo ang iyong Anak na nag-alay ng kanyang buhay upang kami ay ipakipagkasundo sa iyo. Loobin mong kaming magsasalu-salo sa kanyang Katawan at Dugo ay mapuspos ng Espiritu Santo at maging isang katawan at isang diwa kay Kristo.

Kami nawa ay gawin niyang handog na habang panahong nakatalaga sa iyo. Tulungan nawa niya kaming magkamit ng iyong pamana kaisa ng Ina ng Diyos, ang Mahal na Birheng Maria, ng kabiyak ng puso niyang si San Jose, kaisa ng mga Apostol, mga martir, ni San Josemaría, at kaisa ng lahat ng mga Banal na aming inaasahang laging nakikiusap para sa aming kapakanan.

Ama, ang handog na ito ng aming pakikipagsundo sa iyo ay magbunga nawa ng kapayapaan at kaligtasan para sa buong daigdig. Patatagin mo sa pananampalataya at pag-ibig ang iyong Simbahang naglalakbay sa lupa, kasama ng iyong lingkod na si Papa N., ang aming Obispo N., ng tanang mga Obispo at buong kaparian at ng iyong piniling sambayanan. Dinggin mo ang mga kahilingan ng iyong angkan na ngayo'y tinipon mo sa iyong harapan.

Amang maawain, kupkupin mo at pag-isahin ang lahat ng iyong mga anak sa bawa't panig at sulok ng daigdig. Kaawaan mo at patuluyin sa iyong kaharian ang mga kapatid naming yumao at ang lahat ng lumisan na sa mundong ito na nagtataglay ng pag-ibig sa iyo. Kami ay umaasang makararating sa iyong piling at samasamang magtatamasa ng iyong kaningningang walang maliw sapagka't aming masisilayan ang iyong kagandahan

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay.*

sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo na siyang pinagdaraanan ng bawa't kaloob mo sa aming kabutihan.

*Hahawakan ng pari ang pinggang may ostiya at ang kalis na kapwa niya itataas habang kanyang ipinahahayag:*

Sa pamamagitan ni Kristo, kasama niya, at sa kanya ang lahat ng parangal at papuri ay sa iyo, Diyos Amang makapangyarihan, kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*Ang mga tao ay magbubunyi:*

T. Amen.

## ANG PAKIKINABANG

*Pagkalapag ng kalis at pinggan sa dambana, ipahahayag ng pari nang may magkadaop na mga kamay:*

Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos ipahayag natin ng lakas-loob:

*Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay at ipahahayag niya kaisa ng lahat:*

Ama namin, sumasalangit ka. Sambahin ang ngalan mo. Mapasaamin ang kaharian mo. Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit.

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga sala para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso. At iadya mo kami sa lahat ng masama.

*Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal:*

Hinihiling naming kami'y iadya sa lahat ng masama, pagkalooban ng kapayapaan araw-araw, iligtas sa kasalanan at ilayo sa lahat ng kapahamakan samantalang aming pinananabikan ang dakilang araw ng pagpapahayag ng Tagapagligtas naming si Hesukristo.

T. Sapagka't iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Panginoong Hesukristo, sinabi mo sa iyong mga Apostol: "Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo." Tunghayan mo ang aming pananampalataya at huwag ang aming pagkakasala. Pagkalooban mo kami ng kapayapaan at pagkakaisa ayon sa iyong kalooban

*Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay.*
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

T. Amen.

*Ang pari'y paharap sa sambayanang maglalahad at magdaraop ng mga kamay sa pagpapahayag.*
P. Ang kapayapaan ng Panginoon ay laging sumainyo.

*Sasagot ang mga tao:*
T. At sumaiyo rin.

*Maidaragdag, kung minamabuti, ang paanyayang ipahahayag ng diyakono o pari:*
P. Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa't isa.

*Pagkatapos, hahawakan ng pari ang ostiya at hahati-hatiin niya ito sa ibabaw ng pinggan at isasawak niya ang kaputol sa kalis habang pabulong niyang dinarasal:*
Sa pagsasawak na ito ng Katawan sa Dugo ng aming Panginoong Hesukristo tanggapin nawa namin sa pakikinabang ang buhay na walang hanggan.

*Samantalang ginaganap ang paghahati-hati sa ostiya, aawitin o darasalin ang pagluhog na ito:*
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

*Magkadaop ang mga kamay ng pari sa pabulong na pagdarasal:*
Panginoong Hesukristo, Anak ng Diyos na buhay, sa kalooban ng Ama kasama ng Espiritu Santo, binuhay mo sa iyong pagkamatay ang sanlibutan. Pakundangan sa iyong banal na Katawan at Dugo, iadya mo ako sa tanang aking kasalanan at lahat ng masama, gawin mong ako'y makasunod lagi sa iyong mga utos, at huwag mong

ipahintulot na ako'y mawalay sa iyo kailanman.

*Luluhod ang pari at pagtayo niya'y kanyang hahawakan ang ostiya na itataas sa ibabaw ng pinggan. Paharap sa mga tao siyang magsasabi nang malakas:*

Ito ang Kordero ng Diyos.
Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

*Idurugtong niyang minsanan kaisa ng sambayanan:*

T. Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo nguni't sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

*Siya'y makikinabang nang magalang at nakayuko sa dambana habang pabulong na nagdarasal:*

Ipagsanggalang nawa ako ng Katawan ni Kristo para sa buhay na walang hanggan.

*Mapitagan niyang tatanggapin ang Katawan ni Kristo.*

*Pagkatapos, hahawakan ng pari ang kalis at pabulong na magdarasal:*

Ipagsanggalang nawa ako ng Dugo ni Kristo para sa buhay na walang hanggan.

*Mapitagan niyang tatanggapin ang Dugo ni Kristo.*

## Pakikinabang — Mt 20, 28

Ang anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami.

*Pagkapakinabang, ang mga mumo ng ostiya na nasa pinggan ay titipunin sa kalis na huhugasan ng pari o diyakono o tagapaglingkod. Habang ito ay ginaganap ng pari, pabulong siyang magdarasal:*

Ama naming mapagmahal, ang aming tinanggap ngayon ay amin nawang mapakinabangan at ang iyong ipinagkaloob ay magdulot nawa sa amin ng kagalingang pangmagpa-kailanman.

*Makababalik ngayon sa upuan ang pari. Makapag-uukol ng ilang saglit na katahimikan o makaaawit ng papuri o salmo. Pagkaraan, ang pari ay titindig sa harap ng upuan o sa gawi ng dambana at paharap sa mga nagsisimbang magpapahayag:*

## Panalangin Pagkapakinabang

Manalangin tayo.

O Panginoon naming Diyos, patatagin nawa sa amin ng mga misteryong tinanggap namin sa pagdiriwang sa karangalan ni San Josemaría, ang diwa ng pagiging iyong inampong mga anak. Sa matapat naming pagtalima sa iyong kalooban, nawa'y malugod naming tahakin ang landas tungo sa kabanalan. Hinihiling namin ito alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

T. Amen.

## PAGHAYO SA PAGWAWAKAS

P. Sumainyo ang Panginoon.
T. At sumaiyo rin.

P. Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos,
Ama at Anak † at Espiritu Santo.
T. Amen.

P. Humayo kayong taglay ang kapayapaan
upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
T. Salamat sa Diyos.

## PANALANGIN NI SAN AMBROSIO

Sa hapag ng iyong pinakamasarap na piging, maibiging Panginoong Hesukristo akong makasalanan, sa ganang kasalatan ko sa anumang kagitingan ay walang maipapangahas na anuman, at kahit ako ay nagtitiwala sa iyong pag-ibig at kabutihan ako ay nanginginig at nangangambang dumulog nang biglaan. Sapagka't ang kalooban ko at katawan ay lipos ng bahid-kasalarinan, ang pag-iisip ko at pagsasalita ay hindi ko pinag-ingatan. Kaya, maibiging Maykapal, kakila-kilabot na kamahalan, akong abang sa kagipita'y nasadlak ay humahangos sa iyo na bukal ng pagmamahal, sa iyo'y dagli akong lumalapit para malunasan, sa iyong pagtatangkilik ako ay napaaampong madalian, at dahil sa harap mo, Poong Hukom, ako'y hindi makatatagal kaya't ako ay nagmamakaawang harapin mo bilang Tagapagligtas ng tanan. Sa iyo, Panginoon, ako'y naghaharap ng aking mga sugat, sa iyo ako'y naglalahad ng aking katayuang tapat. Batid kong marami at malaki ang aming mga ikinatatakot na kasalanan kaya't ako'y umaasa sa iyong pagkamaawaing hindi mabibilang. Tunghayan mo ako nang may matang maawain, Panginoong Hesukristo, Haring walang hanggan, Diyos na totoo at tao namang totoo, ipinako sa krus para sa mga tao. Dinggin mo akong umaasa sa iyo, kaawaan mo akong lugmok sa kaabahan at kasalanan yayamang ikaw ay bukal ng awang di tumitigil sa pag-apaw. Mabuhay ang pagbubunyi ko sa iyo, haing nagliligtas sa mga tao, para sa akin at sa sangkatauhan ikaw ay iniaalay na totoo sa krus na banal na kinabayubayan mo. Mabuhay ang pagbubunyi ko sa iyo, kamahal-mahalang Dugong dumanak sa mga sugat ng ipinakong Panginoon kong Hesukristo. Alalahanin mo, Panginoon, ang kinapal mo na iyong tinubos sa halaga ng Dugong dumanak sa iyo. Aking pinagsisisihan ang mga kasalanan ko, aking hinahangad na ang inasal ko'y mabago. Pawiin mo sa akin, Amang pinakamaawain, ang mga kasalanan ko at tanang pagkasuwail upang sa kadalisayan ng kalooban ko't katauhan, ako'y maging marapat na makinabang sa Pagkaing Kabanal-

banalan. At ipagkaloob mong ang banal na pakikinabang sa iyong Katawan at Dugo na tanggapi'y di ko mapangangahasan ay maganap nawa sa ikapagpapatawad ng aking mga kasalanan, sa lubos na ikadadalisay ko sa mga pagsuway, sa ikahahango ko sa mga nakahihiyang kaisipan at sa ikapagkakamit ng bagong pagsilang sa ikabubuti ng aking pandamdam gayun din sa ikagaganap ng gawaing iyong kinalulugdan para sa kaligtasan ng kalooban ko at katauhang nangangailangang ipagsanggalang sa mga nagbabantang kalaban. Amen.

## PANALANGIN NI SANTO TOMAS DE AQUINO

Ama naming makapangyarihan, ako ay dumudulog sa paghahain at pakikinabang sa iyong Bugtong na Anak, ang aming Panginoong Hesukristo, ako ay dumudulog bilang mahinang kailanga'y tagapagpagaling ng buhay bilang maruming kinapal na kailanga'y bukal ng pagmamahal, bilang bulag na kailanga'y liwanag ng walang maliw na kaningningan, bilang dukhang hubad na kailanga'y habag ng Panginoon ng langit at lupang ibabaw. Ako ay nagmamakaawa sa kasaganaan ng iyong pagkamapagbigay yamang minarapat mong lunasan ang aking kahinaan, hugasan ang aking karumihan, liwanagan ang aking kabulagan, payamanin ang aking karukhaan, damitan ang aking kahubaran upang ang pagkain ng mga Anghel, Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, ay aking matanggap nang buong pitagan at kapakumbabaan, nang buong pagtitika at kataimtiman, nang buong kalinisan at pananalig, nang buong pagkukusang-loob at paghahangad, alinsunod sa pangangailangan ng aking kaligtasan. Ipagkaloob mo, hinihiling ko, na hindi lamang sa pananda ng Katawa't Dugo ng Panginoon ako makapakinabang kundi rin naman sa buod at bisa ng paghahaing ito. Diyos na pinakamaamo, ipagkaloob mo sa akin ng Katawan ng iyong Bugtong na Anak, ang aming Panginoong Hesukristo na iniluwal ni Mariang Birhen, anupa't sa pagtanggap ko sa kanyang Katawa'y maging dapat akong makatambal niya at mapabilang sa mga kaanib niya. Amang pinakamaibigin, ipagkaloob mo sa akin ang iyong Anak na minamahal na ngayo'y nilulunggati kong tanggaping lingid sa aking paningin sa lupang ibabaw subali't

hayagan kong makakaharap para pagmasdan kailan man nabubuhay at naghahari siya magpasawalang hanggan. Amen.

## Pasasalamat Pagkamisa

### PANALANGIN NI SANTO TOMAS DE AQUINO

Ama naming makapangyarihan, ikaw ay aking pinasasalamatan sapagka't akong makasalanan at lingkod mong walang kabuluhan, bagaman hindi talagang marapat kung hindi nga lamang dahil sa iyong nagpapagindapat na pagmamahal, ay iyong pinagindapat tumanggap sa Katawan at Dugo ng Anak mong kabanal-banalang si Hesukristo na aming Poong mahal. At hinihiling kong ang aking tinanggap na banal na pakikinabang ay huwag nawang ikapagkasala ko ng kalapastanganan kundi ito nawa ay maging tagapakiusap ko para sa kaligtasan sa ikapagpapatawad ng aking mga kasalanan. Ito nawa'y maging sandata ng pananampalatayang tunay, kalasag na dulot mo sa iyong mga kinalulugdan. Ito nawa'y maging tagapagwaksi ng aking hilig sa kasamaan, tagayurak sa aking hilig sa lugod ng katawan at damdaming di mapigilan, tagapagbigay-karagdagan sa pag-ibig at pagkamatiisan, sa kababaang-loob at pagkamasunurin, at sa tanang ugaling sakdal kabutihan, tagapagsanggalang sa pagsalakay ng tanang kumakalabang nakikita at lingid sa pananaw, tagapagpatiwasay sa mga bumabagabag sa katawa't kalooban, tagapag-ugnay sa iyo, Diyos na totoo at iisa lamang, tagapagdulot-kaganapan sa aking masayang hantungan. Iniluluhog ko sa iyong marapatin akong makasalanan na makadulog sa di malirip na piging sa kalangitan na iyong pinamamalagian kasama ng Anak mo at ng Espiritu Santo bilang tunay na liwanag at kasiyahang lubusan ng iyong mga Banal walang maliw na katuwaan, ganap na kaligayahan at kagalakang hantungan ng tanan. Sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo. Amen.

### MGA HIBIK SA KABANAL-BANALANG MANUNUBOS

Kaluluwa ni Kristo, pakabanalin mo ako. Katawan ni Kristo, iligtas mo ako. Dugo ni Kristo, tigmakin mo ako. Tubig mula sa tagiliran ni Kristo, hugasan mo ako. Pagpapakasakit ni Kristo, patatagin mo ako. Butihing Hesus, dinggin mo ako. Sa loob ng mga sugat mo, ako'y itago mo. Huwag mong ipahintulot na mawalay ako sa iyo. Sa

nagpapahamak na kaaway ako'y ipagsanggalang mo. Sa sandali ng pagpanaw ako'y tawagin mo. At iyong ipag-utos na lumapit ako sa iyo upang kaisa ng iyong mga Banal ako'y makapagpuri sa iyo sa kalangitan magpasawalang hanggan. Amen.

## PAGHAHANDOG NG SARILI

Kunin mo, Panginoon, ang tanang aking kalayaan. Tanggapin mo ang aking alaala, isipan at tanang kapasyahan. Anumang aking hinahawakan o tinataglay ay pawang sa aki'y bigay mo. Lahat ng ito ay isinasauli ko sa iyo at aking isinusuko upang pagpasyahang lubusin ng iyong kalooban. Pag-ibig mo lamang at kagandahang-loob ang sa aki'y iyong ibigay at ako'y magiging sapat na mayaman at wala na akong hihingin pang ano man.

## PANALANGIN SA NAKAPAKONG PANGINOONG HESUKRISTO

Tunghayan mo akong naninikluhod sa iyong harapan, Hesus na butihin at katamis-tamisan, at ako ay dumadalangin at nakikiusap nang may maalab na kalooban upang loobin mong sa aking puso ay buhay na buhay kong madamang nakatitik ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig at ang wagas na pagsisisi sa aking mga kasalanan at ang matatag na pasyang magbagong buhay, samantalang nababagbag ang aking loob at nalulungkot ako sa pag-iisip at pagsasaloob ng iyong limang mga sugat habang aking binabakas ang pangungusap na iyong inilagay sa bibig ni David na propeta mo para kanyang maipahayag tungkol sa iyo, Hesus na butihin: "Mga kamay ko at paa'y pawang binutasan ang buto ng katawan ko, sa masid ay mabibilang." (Salmo 22, 16 k-17a)

## PANALANGING PANGKALAHATAN

(Binansagang akda ni Papa Clemente XI)

Sumasampalataya ako, Panginoon, subali't ako nawa'y lalong matatag na sumampalataya, umaasa ako subali't ako nawa'y lalong may pagtitiwalang umasa, umiibig ako subali't ako nawa'y lalong maalab na umibig, nagtitika ako subali't ako nawa'y lalong mabagbag magtika. Sinasamba kita bilang unang pinagmulan, pinananabikan kita bilang huling hantungan, pinupuri kita bilang tagapagbigay ng tanang kabutihan kailan man, tinatawagan kita

bilang maawaing tagapagsanggalang. ltaguyod mo ako sa iyong karunungan, supilin mo ako sa iyong katarungan, arugain mo ako sa iyong pagkamaawain, ipagtanggol mo ako sa iyong kapangyarihan. lniaalay ko sa iyo, Panginoon, ang mga dapat kong isipin hinggil sa iyo, ang mga dapat kong sabihin tungkol sa iyo, ang mga dapat kong gawin alinsunod sa iyo, ang mga dapat kong gampanan alang-alang sa iyo. Hinahangad ko ang anumang hinahangad mo, hinahangad ko ito dahil hinahangad mo, hinahangad ko ito sa paraang hinahangad mo, hinahangad ko ito hanggang hinahangad mo. Dumadalangin ako, Panginoon: liwanagan mo ang aking isipan, pag-alabin mo ang aking kapasyahan, dalisayin mo ang aking kalooban, pakabanalin mo ang buo kong katauhan. Mapagsisihan ko nawa ang mga nakaraan kong pagsuway, mapaglabanan ko nawa ang mga tukso ng darating pa sa aking buhay, maiwasto ko nawa ang mga masasamang hilig na naglalapitan, mapagyaman ko nawa ang mga mabubuting gawi na nababagay. Ipagkaloob mo, butihing Diyos, ang pagmamahal sa iyo, pagkapoot sa sarili ko, pagmamalasakit sa kapwa tao, pagtalikod sa mundo. Nawa'y mapagsikapan kong sa mga nakatataas sa aki'y maging masunurin, sa mga mabababa'y maging matulungin, sa mga kaibiga'y maging handang dumamay, sa mga kaaway ay maging handang magbigay-kapatawaran. Nawa'y madaig ko sa pagiging mapagpigil ang hilig sa lugod pangkatawan, sa pagiging mapagbigay ang pagkagahaman, sa pagiging maunawain ang pagkamagalitin, sa pagiging maalab ang pagkamatamlay. Loobin mong ako'y maging marunong sa pagpapasya, di matitinag sa panganib na nagbabanta, matiyaga sa pagtitiis ng kahirapan, mababang-loob sa kariwasaan. Gawin mong ako'y maging mataimtim sa pagdalangin, maging katamtaman sa pagkain, maging masipag tumupad sa tungkulin, maging matatag sa mga ipinasyang gawin. Mapagpunyagian ko nawang magkaroon ng malinis na kaisipan, kahinhinan sa kilos at asal, ulirang pamumuhay, maayos na palatuntunan ng pag-iral sa araw-araw. Pamalagiin mo akong nagtatanod sa masidhing udyok ng laman sa pagpapaunlad sa kagandahang-loob mong bigay, sa pagtupad sa kautusan, sa pakikinabang sa kaligtasan. Matutuhan ko nawa sa iyo na napakahamak ang tanang nasa kalupaan, na napakadakila ang iyong tinataglay sa kalangitan, na napaikli ang pag-iral ang nasa lupang ibabaw, na napakahabang panahon ang nasa kaitaasan. Pagbigyan

mong ako'y maging handang pumanaw, magkaroon ng takot sa paghuhukom sa katapusan, makalayo sa impiyernong kasamaan, makalapit sa paraisong kaluwalhatian. Sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo. Amen.

## PANALANGIN SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

Mahal na Birheng Maria, Inang kabanal-banalan, tinanggap ko sa banal na pakikinabang ang Anak Mong pinakamamahal na iyong ipinaglihing kalinis-linisan sa iyong sinapupunan, iniluwal, inaruga at kinalong sa iyong kandungan. Ang Anak Mong ikinatuwa at lubusang kinagiliwan ay siyang akin ngayong inihaharap sa iyo at iniaalay upang kalungin sa iyong kandungan nang may buong pusong pagmamahal, upang hainan ng pagsambang pinakamatayog na siyang nababagay sa Tatlong Personang sa pagka-Diyos ay isa lamang alang-alang sa iyong karangalan at kadakilaan at para sa kapakanan ko at sa ikabubuti ng tanan. Inang kaibig-ibig, sa iyo'y aking kahilingang ipakiusap mo sa kanyang patawarin ako sa aking mga kasalanan, pagmagandang-looban akong higit siyang mapaglingkuran, at pagbigyan ako na makatanggap ng pagpapalang bigay sa katapusan na siya'y aking purihin kaisa mo magpasawalang hanggan. Amen.

## PANALANGIN PARA KAY SAN JOSE

Aba, Tagapangalaga ng Tagapagligtas, kabiyak ng Mahal na Birheng Maria. Sa iyo ipinagkatiwala ng Diyos ang kaisa-isa niyang Anak; sa iyo nagtiwala si Maria; sa piling mo, si Kristo ay naging tao. Maging ama ka rin sa amin, Pinagpalang Jose, at gabayan mo kami sa landas ng buhay. Ihingi mo kami ng biyaya, awa at tapang, at ipagtanggol kami sa lahat ng masama. Amen.

## PANALANGIN KAY SAN MIGUEL ARKANGHEL

San Miguel Arkanghel, ampunin mo kami sa labanan at maging bantay ka nawa namin sa kalupitan at sa mga silo ng demonyo. Sugpuin nawa siya ng Diyos, na ipinagmamakaawa namin sa iyo, at ikaw, Prinsipe ng mga Hukbo sa Langit, sa kapangyarihan ng Diyos, ibulid mo sa kailaliman ng impiyerno, si Satanas at ang lahat ng malulupit na espiritu, na gumagala sa sanlibutan at nagpapahamak sa mga kaluluwa. Amen.

## San Josemaría Escrivá (1902-1975)

“Saanman naroroon ang inyong mga hangarin, ang inyong mga gawain, ang inyong pagmamahal, doon ninyo matatagpuan si Kristo araw-araw. Nasa gitna ng mga pinakamateryal na bagay sa mundo: doon tayo nararapat magpakabanal, maglingkod sa Diyos at sa lahat ng tao. Mga anak ko, wari bagang sa abot-tanaw nagtatagpo ang langit at lupa. Subalit sa katunayan, doon sila lubusang nagkakaisa sa inyong mga puso, kapag inyong pinababanal ang inyong pang-araw-araw na buhay…”

(Salin mula sa homiliya ni San Josemaría Escrivá, *Passionately Loving the World*, ika-8 ng Oktubre 1967)

Isinilang si San Josemaría Escrivá noong ika-9 ng Enero 1902 sa Barbastro, Espanya. Siya ay naging pari noong ika-28 ng Marso 1925 sa Zaragoza. Noong ika-2 ng Oktubre 1928, sa banal na inspirasyon ng Maykapal, itinatag niya ang *Opus Dei*. Noong ika-26 ng Hunyo 1975, biglaan siyang sumakabilang buhay sa Roma. Laganap na noon ang *Opus Dei* sa buong mundo. Ang mga kasapi nito’y pawang nakikiisa sa Santo Papa at sa mga Obispo sa kanilang paglilingkod sa Simbahang Katolika tulad ng kinaugalian ni San Josemaría. Noong ika-6 ng Oktubre 2002 sa Roma, ibinilang ni San Juan Pablo II ang Tagapagtatag ng *Opus Dei* sa hanay ng mga Santo. Ipinagdiriwang ng Simbahan ang kapistahan ni San Josemaría tuwing ika-26 ng Hunyo. Ang kanyang mga labî ay nakahimlay sa Simbahang Prelatiko ng *Santa Maria de la Paz*, Viale Bruno Buozzi 75, sa Roma.

THEOLOGICAL CENTRUM

Anno Domini 2024

# MESSAGE

St. Josemaría taught that work, family life, and other ordinary activities are occasions for spiritual union with Jesus Christ. And that everyone can be a saint:

***Your duty is to sanctify yourself. Yes, even you.***
***Who thinks that this task is only for priests and religious?***
***To everyone, without exception, our Lord said:***
***'Be ye perfect, as my heavenly Father is perfect.'***
St. Josemaría, The Way no. 291

**Ordinary life.** "It is in the midst of the most material things of the earth that we must sanctify ourselves, serving God and all mankind," said St. Josemaría. Thus family, marriage, work —all of our activities— are opportunities for dealing with and imitating Jesus Christ, trying to practice charity, patience, humility, diligence, integrity, cheerfulness and all the other human and Christian virtues.

**Sanctifying work.** Sanctifying work means to work with the spirit of Jesus Christ, to work competently and ethically, with the aim of loving God and serving others, and thus to sanctify the world from within, making the Gospel present in all activities whether they be outstanding or humble and hidden. In the eyes of God what matters is the love that is put into work, not its human success.

**Unity of life.** St. Josemaría explained that Christians working in the world should not live "a kind of double life. On the one hand, an interior life, a life of union with God; and on the other, a separate and distinct professional, social and family life." On the contrary: "There is just one life, made of flesh and spirit. And it is this life which has to become, in both soul and body, holy and filled with God."

***God is not removing you from your environment.***
***He is not taking you away from the world,***
***or from your condition in life, or from your noble human ambitions, or from your professional work...***
***But he wants you to be a saint – right there!***
St. Josemaría, The Forge no. 362



## San Josemaría Escrivá

Tagapagtatag ng Opus Dei

## Panalangin

O Diyos, sa pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria, ipinagkaloob mo sa iyong pari, si San Josemaría, ang napakaraming biyaya, at hinirang mo siyang maging tapat na tagapagtatag ng Opus Dei, isang landas patungo sa kabanalang nababatay sa pagganap ng gawaing propesyonal at pagtupad ng mga karaniwang tungkulin ng isang Kristiyano.

Ipagkaloob mo sana na ang lahat ng bagay at pangyayari sa aking buhay ay maialay ko nang buong pagmamahal sa iyo at sa malugod at walang-pasubaling paglilingkod sa Santa Iglesia, sa Santo Papa, at sa buong sangkatauhan, at nawa'y mabigyan ko ng liwanag ang lahat ng landas sa pamamagitan ng aking pananampalataya at pag-ibig. Sa tulong ni San Josemaría, ipagkaloob mo nawa sa akin itong biyayang hinihiling ko sa iyo... (banggitin ang kahilingan). Amen.

Ama Namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati.

Hinihiling sa sinumang makatanggap ng biyaya mula sa Diyos sa pamamagitan ng tulong ni San Josemaría Escrivá na ipaalam ito sa Office for the Causes of Saints, Prelature of Opus Dei in the Philippines, 20 Sampaguita St. cor. Balete Drive, New Manila, 1112 Quezon City. Email: ocs.ph@opusdei.org. Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay San Josemaría, bisitahin ang website www.stjosemaria.org.